Republic of the Philippines
Province of Laguna
Municipality of Santa Cruz

# SANGGUNIANG BAYAN OFFICE

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG AGOSTO 04, 2025, LUNES, IKA-09:39 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jericho V. Asinas | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |

RECORDED 13 AUG 2025 Santa Cruz, Laguna

OFFICE OF THE SANG... RELEASED NAME DATE 13 AUG 2025 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 332- T2025**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 074-T2025 / KAUTUSANG PAGLALAAN BLG. 07-T2025 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG POBLACION II NA NAGPAPATIBAY NG 20% DEVELOPMENT FUND NA NAGKAKAHALAGA NG P692,720.80 UPANG ILAAN PARA SA PROGRAMA AT PROYEKTO NG BARANGAY SA BUWAN NG HUNYO HANGGANG DISYEMBRE TAONG 2025.**

**Sponsor – HON. RIZALDY N. KALAW**

**SAPAGKAT**, may kahilingan ng Barangay Poblacion II na naglalaan ng halagang P692,720.80 para sa mga programa at proyekto ng nasabing barangay;

**SAPAGKAT**, layunin ng naturang barangay na mapanatili ang malinis na kapaligiran, makapagdulot ng kaaya-aya at malusog na pamayanan, at magkaroon ng proyektong makapagbibigay ng pagkakakilanlan ng barangay upang paunlarin ang turismo sa Barangay Poblacion II;

**SAPAGKAT**, ang nasabing kapasiyahan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affais para sa pag-aaral at pagsusuri;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kgg. Rizaldy N. Kalaw ( Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Laura P. Obligacion, Kgg. Norman T. Tolentino, Kgg. Lea A. Alamarvez, Kgg. Ambiel John C. Panganiban at Kgg. Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Kgg. Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 074-T2025/ Kautusang Paglalaan Blg. 07-T2025 ng Sangguniang Barangay ng Poblacion II na nagpapatibay ng 20% Development Fund na nagkakahalaga ng P692,720.80 upang ilaan para sa programa at proyekto ng barangay sa buwan ng Hunyo hanggang Disyembre taong 2025.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan Joseph Kris Benjamin B. Agarao, Pambayang Administrador, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, at Sangguniang Barangay ng Poblacion II, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Agosto 04, 2025**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**AMYCAR O. SANTOS**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. JOSEPH KRIS BENJAMIN B. AGARAO**
Punong Bayan

LAM/CEL25